Mga Baryante (Variants) ng COVID-19

MGA PANGUNAHING PUNTO

- Ang mga baryante (variants) ay mga mutasyon (mutation) ng virus. Ang baryanteng Delta ay kasalukuyan ang pinaka-karaniwang uri ng virus na nagsasanhi ng COVID-19 sa Amerika (US).
- Ang baryanteng Delta ay mas madaling kumakalat kaysa sa orihinal na COVID-19 virus. Maaari itong magsanhi ng mas malubhang karamdaman sa hindi pa nabakunahang mga tao.
- Ang mga bakuna sa COVID-19 ay lubhang epektibo sa pagpigil ng malubhang karamdaman at pagkamatay mula sa impeksyon sa baryanteng Delta. Ngunit kritikal na ikaw ay ganap nang mabakunahan upang maging protektado.

Ano ang mga Baryante (Variants)?

Maraming virus ang madalas na nagbabago sa pamamagitan ng mutasyon (mutation). Ang mga mutasyong ito ay padagdag nang padagdag at lumilikha ng bahagyang magkakaibang mga bersyon ng virus, na tinatawag na mga baryante ("variants"). Minsan ang mga bagong baryante na ito ay lumalabas at pagkatapos ay mawawala. Sa ibang mga pagkakataon, nananatili sa paligid ang mga bagong baryante. Tinatawag ang mga ito na mga baryante ng pagkabahala (variants of concern) kung may ebidensya na ang mga ito ay mas madaling kumakalat, nagsasanhi ng mas malubhang sakit, mas mahirap matukoy, gamutin o pigilin gamit ang mga bakuna. Ang mga siyentipiko ay patuloy na pinag-aaralan at sinusubaybayan ang mga baryanteng ito habang ang mga ito ay patuloy ring nagbabago.

Maraming baryante ng COVID-19 ang lumabas sa Estados Unidos. Sa puntong ito, ang orihinal na bersyon ng virus na kumalat noong Enero 2020 ay hindi na kumakalat.

Aling mga baryante (variants) ng COVID-19 ang natagpuan na sa Estados Unidos?

Sinusubaybayan ng CDC ang ilang baryante ng pagkabahala sa Estados Unidos:

Pangalan ng baryante:	Unang natuklasan:	Unang nakita sa Estados Unidos:
Alpha (B.1.1.7)	United Kingdom	Disyembre 2020
Beta (B.1.351)	South Africa	Enero 2021
Gamma (P.1)	Mga biyahero mula Brazil	Enero 2021
Delta (B.1.617.2)	India	Marso 2021

Ang baryanteng Delta ay kasalukuyan ang pinaka-karaniwang uri ng virus sa Los Angeles County. Bisitahin ang pahina ng CDC na Ang Kailangan Mong Malaman tungkol sa mga Baryante para sa mas marami pang impormasyon.

Ito bang mga bagong baryante ay mas mapanganib?

Depende ito. Ang ilan sa mga baryanteng ito ay seryosong banta, lalo na sa mga taong hindi pa ganap na nabakunahan[1] at iyong mga nasa may mas mataas na panganib ng malubhang sakit sa COVID-19. Ang baryanteng Delta ay nakakabahala dahil kumakalat ito nang mas madali kaysa sa orihinal na virus at iba pang mga baryante. Maaari rin itong magsanhi ng mas malubhang sakit sa hindi pa nabakunahang mga tao.

Ang mga bakuna ba sa COVID-19 ay pumoprotekta laban sa mga baryante, kabilang ang baryanteng Delta?

Oo, ganun nga. Ang CDC at ang iba pang mga eksperto ay patuloy na pinag-aaralan kung gaano kahusay gumagana ang mga bakuna sa pagprotekta sa mga tao mula sa COVID-19. Napag-alaman ng CDC na ang lahat ng 3 bakuna na ginagamit sa Amerika (US) ay

[1] Ikaw ay kinokonsiderang ganap nang nabakunahan laban sa COVID-19 dalawang (2) linggo pagkatapos: ng pangalawang dosis ng serye ng Pfizer o Moderna na bakuna sa COVID-19, isahang dosis ng Johnson & Johnson na bakuna sa COVID-19 o natapos mo na ang serye ng bakuna sa COVID-19 na nakalista para sa emerhensyang paggamit ng World Health Organization. Tingnan ang web page ng ganap nang nabakunahan para sa mas marami pang impormasyon.

Mga Baryante (Variants) ng COVID-19

lubos na epektibo sa pagprotekta sa mga tao mula sa labis na pagkakasakit at pagkamatay mula sa baryanteng Delta pati na rin sa iba pang kilalang mga baryante. Ang mga taong ganap nang nabakunahan ay mas malamang na hindi mahawahan ng COVID-19 kumpara sa mga hindi pa nabakunhan.

Ano ang pambihirang tagumpay (breakthrough) na impeksyon?

Binabawasan ng mga bakuna sa COVID-19 ang panganib ng pagkakaroon ng impeksyon ng COVID-19 ngunit dahil sa ang mga bakuna ay hindi 100% epektibo, isang maliit na porsyento ng mga tao na ganap nang nabakunahan ay mahahawahan. Ang tawag dito ay "pambihirang tagumpay na impeksyon" (breakthrough infection). Ang mga pambihirang tagumpay na impeksyon karaniwan ay nagsasanhi ng banayad na sakit. Kung ikaw ay ganap nang nabakunahan, ang iyong panganib ng pagkakahawa, pagkakasakit, pagpapahospital o pagkamatay ay higit na mas mababa kaysa kung ikaw ay hindi pa ganap na nabakunahan. Ang ilang mga tao na ganap nang nabakunahan at nahawahan ng baryanteng Delta ay maikakalat ang virus sa iba. Lumalabas ito na maliit na bahagi lamang ng pagkalat ng virus.

Paano ko poprotektahan ang aking sarili laban sa mga baryante?

- **Magpabakuna** kung ikaw ay 12 taong gulang pataas (tingnan sa ibaba). Ang tatlong bakuna sa COVID-19 na magagamit sa Amerika (US) ay nagdudulot ng pinakamahusay na proteksyon laban sa mga baryante na kasalukuyang kumakalat dito. Kung mayroon kang mga pagkabahala o katanungan tungkol sa mga bakuna sa COVID-19, makipag-usap sa iyong doktor. Kung ikaw ay nabakunahan na, hikayatin ang iyong pamilya, mga kaibigan, at kapitbahay na magpabakuna. Pababagalin ng pagpapabakuna ang pagkalat ng mga baryante at mas mapapababa ang mga tsansa ng paglitaw ng bago, at mas higit pang mapanganib na mga baryante.
- **Magsuot ng maskara.** Ang mga maskara ay nananatiling makapangyarihang kasangkapan upang protektahan ang iyong sarili at iba. Dahil sa ang baryanteng Delta ay mas madaling kumakalat, ang lahat ay inaatasan na magsuot ng maskara sa mga panloob na lugar sa mga pampublikong lokasyon at mga panlabas na lugar sa mga Napakalaking Kaganapan (Mega Events). Ang iyong maskara ay dapat na masikip na kumasya sa ibabaw ng iyong ilong at bibig at gawa sa hindi bababa sa dalawang patong upang ito ay makapanala nang mabuti. Kung ikaw ay nasa isang kapaligiran kung saan ikaw ay malapitang nakikisalamuha sa ibang tao na hindi pa ganap na nabakunahan, isaalang-alang ang "dobleng pagmamaskara" (pagsusuot ng telang maskara sa mukha sa ibabaw ng maskarang pang-opera) o pagsusuot ng N95 respireytor (respirator). Nag-aalok ang mga ito ng mas mataas na antas ng proteksyon. Ito ay lalong mahalaga kung ikaw ay hindi pa ganap na nabakunahan at nasa mga panloob na lugar o sa siksikang lugar sa labas. Ilang mga eksepsyon ay nalalapat – alamin pa ang mas marami sa ph.lacounty.gov/masks.
- **Maghugas ng iyong mga kamay at/o gumamit madalas ng sanitizer para sa kamay -** lalo na pagkatapos magpunta sa mga pampublikong espasyo kung saan ang mga ibabaw ay hinahawakan ng maraming tao.

Bisitahin ang webpage ng Pampublikong Kalusugan na COVID-19: Pagbabawas sa Panganib upang mas marami pang malaman.

Paano ako makakakuha ng bakuna sa COVID-19?

Makukuha ang mga bakuna sa buong LA County at libre sa lahat, hindi alintana ang katayuan sa imigrasyon. Maraming mga lugar sa pagpapabakuna ay tumatanggap ng walang tipanan (walk-ins), o maaari mong piliin na gumawa ng tipanan (appointment).

- Bisitahan ang www.VaccinateLACounty.com para makahanap ng lokasyong malapit sa iyo.
- Tawagan ang **1-833-540-0473** kung kailangan mo ng tulong sa paggawa ng tipanan (appointment), kailangan ng transportasyon papunta sa lugar ng pagpapabakuna, o hindi nakakalabas ng bahay. Bukas ang mga linya ng telepono mula 8 ng umaga hanggang 8:30 ng gabi 7 araw sa isang linggo. Magagamit rin ang impormasyon sa maraming wika 24/7 sa pamamagitan ng pagtawag sa 2-1-1.

Upang malaman pa ang mas marami tungkol sa mga baryante ng COVID-19, bisitahin ang webpage na CDC Mga Baryante ng Virus.